# AD ASTRA PER ASPERA

**BUOD**

Sa loob ng isang pampasaherong van, nakasakay ang matandang titser na kukuha ng kanyang pension sa GSIS, ilang mga Atenista at kolehiyala, mag-tiya, pulis, magkatabing pasaherong nagyayaang magsindi ng sigarilyo at dalawang seminarista pauwi na mula sa kanilang home visit. Sa kuwentong ito nagsasalimbayan ang personal at ang politikal na mga usapin ng pasahero, ng pook at ng mismong panahon kinasasangkutan ng mga tauhan: inuugnay halimbawa ang sadyang pagsunog diumano ng tuktok na bahagi ng Bundok Asog para makakuha ng calamity fund ang gobyerno hanggang sa mga pinag-uusapang bagong sex scandals sa lungsod, ang pagkakasunog ng mga tindahan ng Intsik, ang mga puyat na bombero, at ang mismong tunggaliang sekswal na nangyayari sa mga nakasakay na pasahero partikular ang seminaristang sina Aldrin at Barry.

Sa init ng tanghaling tapat na iyon, parang pino-photoshop ang buong paligid at nasa loob ang lahat sa monitor. Isang matinding uri ng liwanag. Parang laser. Kaya nang isinabog ng dispatcher ang isang baldeng tubig sa may salamin at gulong ng van na tatakbong patungong Naga, parang screensaver ang nagdadalihig na tubig na isinaboy at binaybay ang salamin ng van. Pumasok ang kaunting tubig sa loob na daglian namang natuyo dahil sa labis na init. Kaya agad namang nagpakita ang mga nahimasmasang mga alikabok sa bago nitong pagkakaayos. Utog na utog ang araw na parang namatay ulit ang Diyos sa alanganing hapong iyon. Kapag Biyernes Santo raw talagang ilinuluwa ng araw ng pinakanakakatupok nitong init bilang pagdadalamhati sa kinasapitan ng Anak ng Tao.

Wala ni isang kumpol ng ulap sa harapan ng Bundok Asog at kitang-kita ang tila bagong sugat nito. Alanganing pula at tsokalate ang kulay ng lupa sa bahaging kaliwa na malapit sa tuktok nito dahil na rin sa sunog na nangyari noong nakaraang semana. Nasunog ang dalawang ektaryang talahiban at mga niyog at uru-urada namang nagdeklara ng state of calamity ang lokal na gobyerno dahil sa peligrong maaaring mangyari raw matapos ang malaking siga. Marahil dahil nga sa labis na init ng panahon kung kaya natutupok pati ang bundok. Nagbabala rin ang meyor na maaaring bumaba sa bayan ang apoy. Baka tangayin ng masamang hangin ang mga alipato patungo sa kabayanan at tiniyak niyang magdudulot ito ng mas malaking pinsala, mas malaki pa nang sunud-sunod na masunog ang mga hardwares at groceries ng mga Tsino noong nakaraang eleksyon. Dinaan lang naman sa tulog ng mga bombero ang nasabing mga sabi-sabi ng alkalde.

Dahil marahil sa labis na init kaya may mga di nakatiis na bibig na nagsimulang bumula at pinakawalan ang sanglibong demonyong nakulob sa kanilang mga bunganga upang ipalaganap ang balitang sadyang ipinasunog daw ang bahaging iyon ng bundok dahil na rin sa makukuhang calamity fund ng lokal na gobyerno na nauubos na ang IRA sa pagbayad sa talent fees ng mga baguhang artista at mga laos na basketbolitsang dating crush daw ng nakaupong meyor na iniimbita niya sa bawat okasyon kasama na ang tinatawag niyang "Press Corps" na mga manunulat mula sa iba't ibang tabloids sa Manila. Singkwenta mil daw ang bayad bawat press na magsusulat ng kahit ano tungkol sa lungsod at good governance ng nasabing alkalde. Kaya mula sa Independence Day Celebration, charter anniversary, tuwing piyesta, hanggang sa death anniversary ng kanyang tatay na naging assemblyman noong panahon ni Macoy laging may kinukumbidang pasikat o palaos na mga artista na kumanta, sumayaw, magpatawa, magbigay ng inspirational message at kung ano-ano pang palabas. Nitong huli Rizal Day Celebration, isang dating starlet na kabit daw ng kapatid ng meyor ang nagsisisa-sisahan sa plasa.

Hindi katulad ng Bulkang Mayon na di nauubusan ng apoy at lahar, matagal nang patay, dormant o nagtutulug-tulogan naman itong Bundok Asog na ilang beses nang napabalitang puputok din at nagpa-presscon pa nga ang alkalde. False alarm.  Buti pa sa Albay, kapag pumutok ang Mayon, tiyak may ayuda mula Manila hanggang Espanya, at tiyak daw na may bagong mansyon daw si Gob o ang sinumang boy toy na flavor of the month niya (at dahil summer, si Mr. Avocado daw ang hilig at Ginoong Kaimito naman ang laging pinaparada)— Kaya marahil matagal na rin sigurong pinagdadasal ng mga

punong opisyal na sana pumutok na rin ang Bundok Asog dahil na rin sa sangkaterbang reliefs at foreign aids ang maaaring pumasok sa kanilang mga walang katapusang mga bulsa.

Sa ngayon, maliban sa mga panaka-nakang pagkakasunog ng ilang bahagi nito dahil na rin sa “climate change” na naging convenient excuse na para ipaliwanag ang lahat nang pangyayari sa mundo at kulang na nga lang sabihin na pati ang pagpatay, pagnanakaw ng mga bangko at sasakyan at pagdarambong pati ang pangangayayat ni Sharon Cuneta o ang pagbubuntis ng isa pang artista ay dala na rin ng climate change. Sa bayan ng Buhi, madalas din ang nasabing fish kill at sinasabi nang ilang matatanda roon na senyales ito na madali nang sumabog ang Asog dahil na rin sa paglabas ng asupre at alisngaw ng lawa.

Ngunit ang di masyadong napapabalita tungkol sa Bundok Asog ay ang ginagawang quarry sa gilid ng bundok, na hawak naman ng asawa ng meyor ang kontrata. Walang nangangahas na magsalita pa tungkol dito matapos na tambangan ang isang broadcaster isang umaga habang papasok ito sa kanyang opisina. Pinagtatawanan na rin lang ang lumalaking uka dito dahil sa quarry at napabalita pang may mga spaceships pa raw na makikita sa nasabing erya. Ang sabi ng mga mountaineers, matarik raw ang mga bangin sa bundok, puros talahib at wala kahit anumang busay o bukal. Patay na ang marami flora at fauna dito simula pa noong gawing abaca plantation ang malawak na bahagi nito noong panahon ng mga Amerikano. Nang magsimulang bumagsak ang abaka, hindi na rin nagawang muling pagyamanin ang dating malagong kalikasan sa bundok. Nitong huli, ang tanging atraksyon na lamang na pambawi ng lungsod na

makikita sa bundok ay ang pinakamaliit sa pinakamalaking uri ng bulaklak, isang uri ng rafflesia o mas kilala sa tawag na burak nin demonyo. Balitang may mga nakikita pa nga raw na mga spaceships na umaali-aligid sa bundok. Pero wala naman talagang nagseseryoso na nito.

Balik tayo sa pagkakasunog ng bundok: May hinalang bulalakaw daw ang dahilan ng nangyaring pagkakasunog sa bundok. Ngunit siyempre may mas totoong dahilang gagawin upang ipaliwanag ang lahat— kaya napunta ulit ang bintang sa mga katutubong Agta. Pumapanhik pa rin kasi ang mga Agta upang magkaingin at baka nakalimutan raw ng mga ito na patayin ang kanilang siga. May ilan namang nagsabing may mga binata raw kasing umaakyat at nagsusunog ng damo na naging simula ng malaking apoy. Gayunpaman, ipinagpasalamat na rin lang naman ng ilang konsehal ang nasabing pagkakasunog dahil nagkaroon ng environmental program ang lungsod para sa muling pagtatanim ng mga punong kahoy sa bundok. Kung kaya naisipan muling ipasulat sa mga tarpaulin ang pinira-pirasong berso ng “Trees” ni Joyce Kilmer at ipinalagay ito sa mga poste ng Casureco, ang kooperatiba ng kuryente na hawak pa rin ng mga parehong pulitiko. At dahil hindi naman alam ng mga nagkabit kung ano ang mga nakasulat na iyon, hindi na rin naman nila inisip kung paano aayusin ang pagkakakabit ng mga berso ng bulag na manunulat: “I think I shall never see”, “ Made by fools like me”, “A poem lovely as a tree” na natapos sa “Against the earth sweet flowing breast”. Bawat karatula ay nilagyan ng mukha ng alkalde na kumikintab na parang lechong kawali, umaraw man o umulan.

Sa loob ng van, lantang-lanta na ang mga sampagitang nakabalot sa maliit na estatwa ng Peñafrancia na kulay alanganing kape-alanganing ginto.  May estatwa din ng pusang pakaway-kaway na pinaniniwalaang pampaswerte: tumatawag ng mga pasahero. Punuan ang sistema sa terminal. Hindi maaaring umalis ang pilcab kung may bakante. May papel pang idinikit ang grupo ng mga dispatchers at draybers para patunayan sa sinumang pasaherong aangal na hanggang labing-dalawan lang ang sasakyan. Kailangang siksik at liglig ang biyaya ng pasada. Kaya lumalabas na walang laban sa puting papel ang sinumang mukha at kahit anumang dahilan ninuman. Kung gusto mo ng espasyo, kailangang ng iba pang papel para doon. Ibig sabihin, pera, dagdag-bayad.

Katorse ang pwedeng makasakay kasama na ang drayber ngunit kung bata o kaya payat pwede pang pumasok ang kinse. Kung mataba naman ang pasahero, sisiksikin pa rin, na parang kailangang laging makumpleto ang magic number dahil sayang nga naman ang bawat sentimong mahihita sa mga pasahero.

Pagpasok ni Aldrin, may dalawang nakaupo na sa unahan. Naunahan sila. Magkakilala ata, siguro, batchmate o dating magkatrabaho. Ito sana ang gusto niyang posisyon para katabi niya si Barry. May gusto niyang may katabing kakilala dahil ayaw niyang natutulog sa biyahe. Mas marami ang pagkakataong makaligtas sakaling maaksidente ang sasakyan at hindi ka tulog.

Alas-dose ang usapan nila ng sano (mula sa pinaikling paisano, ito ang tawagan ng mga seminarista na galing sa magkakaparehong lugar) ngunit katulad ng inaasahan,

late na naman ang kababayang seminarista. Kailangan nilang makabalik sa seminaryo ng alas-tres ng hapon. Kapag na-late sila, tiyak na may sanction na namang kaakibat ito. Maglinis ng singkwentang kubeta o maglinis ng tangke ng tubig o walang free time pagdating ng ikalawang Biyernes ng buwan. Kailangang maunahan nila ang porter na siyang magtatago ng logbook kapag pumatak na ang oras ng kamatayan ng Diyos (alas tres ng hapon). 45 minutes lang ang aabutin ng biyahe kung sa van. Kung bus, halos isa't kalahating oras, dahil nga sa ang daming stopovers nito. Bukod pa sa usad-pagong ito dahil may mga pasahero pa ring pinipick-up sa daan at may mga bumababa rin lang naman after every 10 minutes, kaya malamang mahuhuli sila kung sa bus sila sasakay.

Kailangang masinop na gugulin ang bawat oras ng magsano. Bago kasi sila pumasok ng seminaryo, mamimili muna ang dalawa ng kakailanganin nilang supplies. Gatas, kape o kaya Milo, (kung malaki ang allowance na binigay ng kura) at ibang de-lata na pandagdag sa ulam o panawid gutom sa loob: madalas sardinas, o corned beef mula Taiwan at tunang kinulayan lang ng iba't ibang sarsa naging kalderata, afritada, adobo, paksiw, Bikol express at kung anu-anupang luto. Kasama sa kanilang bibilhin ang panligong sabon (Safeguard na puti parati ang gusto nila), toothpaste (Colgate, yung walang kung anu-anong flavor) at tawas. Kahit wala pa namang napalabas ng semnaryo dahil sa putok.

Sa mga katulad nila Aldrin at Barry na pawang mga sakristan at lumaki na sa kumbento, ang parokya ang unang tikim sa karangyaan ng buhay. May mga paring mababait na nagbibigay sa kanila ng pagkain at pera at sinasama sila sa mga Chinese

restaurants. Kaya nga marahil naengganyo na rin ang dalawa na pasukin ang seminaryo dahil sa uri ng buhay meron ang mga pari. Ngunit hindi naman ganito lagi ang kaso. May mga paring swapang at utak-ampaw rin. Ayaw sa mga sakristan. Ang gusto palaging kasama ay iyong mga manang ng parokya. Yung laging may dalang leche plan o kaya'y patatim. "Padres Libres" ang tawag sa kanila o kaya "Kyrie" (Panginoon, maawa ka…), dahil laging nagpapaawa sa mga manang. May isa namang paring kailangang kumakain habang nagpapakumpisal. Napapatulog daw kasi ang saserdoteng iyon kapag walang ginagawa ang kanyang bibig. Gusto niya ang gummy bears. Minsan nang magsermon ito tungkol sa pag-aayuno, biglang kumulog at kumidlat at bumuhos ang malakas na ulan at bumaha pa sa lungsod, ngunit sa halip na matakot ang mga tao sa loob, palihim itong mga nagtawanan, at dahil sa pagkapikon ng paring iyon sa sitwasyon, nilamutak na lamang nito ang isang buong blackforest cake na personal na ibinigay para sa kura. Sina Barry at Aldrin ang tinurong salarin ng mga katiwalang boy sa parokya. Seminarista na sila noon at kahit na kasama na silang kumain ng mga pari, hindi lahat maaari nilang kainin o pakialaman. Hindi pala para sa parokya ang nasabing cake na bigay ni Manay Biya, ang may-ari ng emporium. Personal na regalo ito para sa kura at ang labis pang ikinagalit ng kura dahil napahiya ito nang tanungin ni Manay Biya, matapos itong mangumunyon, kung nagustuhan ba nito ang pinadala niyang cake na siya pa raw ang nag-bake. Walang naisagot ang kura at nagkunwari na lamang na hindi niya pa raw ito natikman dahil sa tumaas ang sugar level niya noong nakaraang araw.

Naglilitanya naman ng mura ang sumunod na pasahero dahil sa init ng araw. Nagbukas ito ng maliit na botelya at inilapit sa tungko ng ilong niya: Whiteflower.

Namukhaan ito ni Aldrin na naupo sa hulihan kahit na hindi na rin ito abot ng aircon kuno. Naglabas ng libro si Aldrin para huwag mamalayan ang oras at ang bagsik ng maalinsangang panahong iyon. Tumatagaktak ang pawis niya sa likod na hindi niya rin naman iniinda kahit na madalas siyang pagsabihan ng Nanay niya na huwag magpapawis dahil angkan sila ng mahihinang baga. Pulmon ang ikinamatay ng tatay niyang naging karpentero sa parokya. Inisip na lamang ni Aldrin na sanayan na rin lang ang ganoong init. At saka nakintal na marahil sa kanya ang pag-ibig at pagdurusa o *Amor y sacrificio,* na paulit-ulit na sinasabi sa kanila ng matandang pari sa sermon man ito o sa klase sa metaphysics. Kinukumbinsi rin ni Aldrin ang sarili na kailangan niyang tiisin ang ganoong init dahil ano pa kaya kung magiging pari na siya at tatlong damit ang kailangang pagpatuning-patungin sa katawan. Paano siya magmimisa sa mga malalayong baryo at mga kapilyang mukhang kural kung sa ganoong init pa lamang ay susuko na siya.

Ngunit totoong mainit ang bestidurang isinusuot tuwing magmimisa. Naging bahagi na ng training nila ang pagsasaulo ng mga gamit sa misa, mula sa kalis, pal, paten, ciborium, sa leksyonaryo at sakramentaryo, estola, kasulya at siyempre ang electric fan. Kailangang alam niya kung saan ilalagay ang bentilador dahil bawat pari'y may gustong posisyon ng electric fan. Ang iba gusto tutok sa likod, ang iba sa gilid, ang iba gusto number 1 lang, dahil baka masira ang pagkakayos ng buhok, ang iba gusto number 3 na parang nililipad-lipad na mukhang gown ang kanilang mga kasulya habang inaawit ang Hosanna! Kung talagang walang-wala nga, may mga paring kailangan mong paypayan habang nagmimisa dahil baka mabuwal na lamang ang mga ito sa highblood o kaya mastroke.

Namukhaan ni Aldrin ang pumasok na babaeng naglagay ng Whiteflower na sinundan naman ng dalawang kolehiyalang nagtuturuan kung sino sa kanila ang unang nakakita kay Aldrin. Binalewala niya ang mga tingin ng mga kolehiyalang animo'y mga natapong ice cream sa kalsada. Ramdam ni Aldrin kung paanong tiningnan ng isa ang kanyang suot na eskapularyo na hindi niya pa rin pinapalitan, dahil si Barry ang nagbigay sa kanya nito noong nasa Grade 3 sila, nang masagot ng kababata ang tanong ng kanilang katekista kung kelan ang Feast Day ng Annunciation. Dahil magaling si Barry sa Math, nagbilang lang ito pabalik ng siyam na buwan pabalik mula December 25 at patsamba nitong sinagot na March 25 ang kapiyestahan ng pagbalita ng pagbubuntis ng anghel kay Maria. Tumpak ang sagot ni Barry. Masayang ibinigay ng katekista ang regalo sa nanalong kababata:  isang colored book na Lives of Saints at eskapularyong nakabalot sa ice wrapper. Binigay ni Barry kay Aldrin ang brown scapular sa kondisyong pareho silang papasok sa parokya bilang sakristan. Agad namang pumayag si Aldrin sa kadahilanang hindi niya naman talaga alam kung paano ang tumanggi kay Barry, at ayon sa madalas na kuwento ni Aldrin, sa hapong iyon na ibinigay sa kanya ni Barry ang kasama sa kanyang napanalunan, matutukoy na nagsimula ang kanilang pagiging mag-sano hanggang ngayon na nasa third year college na sila at malapit nang pumasok sa teolohiya.

Kinagawian na ni Aldrin na kagat-kagatin ang eskapularyong ito sa tuwing maghihintay kay Barry at dahil hindi ito ang unang paghihintay niya kay Barry, parang belikoy na ang kulay ng brown scapular at puno na ng kagat ang mukha ni Santa Maria.

Umupo ang dalawang kolehiyala sa may malapit sa kanya. Apatan sa likod. Nahihiya namang nagtulakan ang dalawang kolehiyala sa kung sino ang tatabi kay Aldrin. Nagbukas ng ilang pahina si Aldrin sa binabasa niyang libro ng mga tula ni Eduardo Calasanz: *Nagdaraang Hangin*. Kinasanayan na nila ni Barry ang humiram ng kahit anong libro sa library tuwing Home Visit. Mahilig si Aldrin sa mga tula samantalang pilosopiya naman ang forte ni Barry. "Sisiw" si Socrates kay Barry, samantalang "Mani' naman sa kanya sina Bienvenido Santos at Amado Hernandez.

Ilang minuto pa at may bagong pasaherong may kasamang batang babae sakay ng isang scooter ang dumating. Mukhang kakilala ng babaeng may dalang Whiteflower dahil nagmano pa ito at sapilitang pinamano rin ang kasamang batang babae. Pagkatapos ng ilang batian, ilang tanong, na di rin nga naman nakapagsalita ang babaeng may kasamang bata, nagmura uli ang babaeng may Whiteflower na parang lalong tumatanda kapag sunud-sunod ang mura na lumalabas sa kanyang bibig. Sinumpa ng babaeng may dalang Whiteflower ang abalang pagdating ng ulan habang ikinakampay ang kanyang abanikong buri na may natatastas na mga sinulid. Nakaburda sa abaniko ang "Viva La Virgen" at saka isang bulaklak. Tumatango-tango lang naman ang bagong dating na kinulit naman ng batang kasama nito na ibili siya ng Coke sa malapit na tindahan kung saan nakatambay ang ilang drayber at kundoktor ng mga pampasaherong bus na nakatambay pa rin sa terminal.

Pinagsabihan ng babae ang kasamang bata na mamaya na lang daw pagdating sa Naga at baka kung mapasuka pa raw ito. Nagpapigil ang bata dahil palihim itong kinurot ng babae. Marahil sa tindi ng init at sa muling paghihintay kay Barry, hindi maiwasan ni

Aldrin na tila marinig ang bawat pinag-uusapan sa loob ng pilcab. Nagiging acute siguro ang pandinig ng tao lalo na kapag tila ibinubuhos ng araw ang kanyang buong lakas sa planeta. Napaghinuha ni Aldrin na tister pala ang babaeng may dalang Whiteflower at pupunta ito sa Naga para asikasuhin ang kanyang loan samantalang ang babaeng may kasamang bata ay kukuha rin ng padala marahil mula sa magulang ng batang babae. Sarado raw kasi ang bangkong tumatanggap ng remittance dahil na-heatstroke ang manager nito. Habang sa katabi niya naman ang mga kolehiyalang nagkasya na lamang sa paligaw-tingin at pag-titetext.

Mangyaring nagtatangka pa nga ang isa na kunan si Aldrin ng retrato sa dala nitong cellphone, kaya bahagya niyang tinakpan ang kanyang mukha ng binabasang aklat ng mga tula. Nakakaliyo ang sunod na mga taludtod, ang layo ng binabanggit na panahon ng tula sa kanyang kinalalagyan: "Walang ginagawa ang mga bituin/Kundi pagmasdan ang mga mangingibig." Umismid ang isang kolehiyala sa ginawa niyang pagtakip. Napikon yata. Samantalang padabog namang ipinasok ng isa ang kanyang cellphone sa dala nitong paperbag. Lumabas muna ang mga pasaherong nakaupo sa tabi ng drayber. Parehong nagsindi ng yosi. Tila nagsasatubig ang usok ng sigarilyo. Samantalang inayos-ayos naman ang AC ng drayber na tinangka ring buhayin ang stereo pero maging ang speaker ay pinili na lamang na tumahimik at panatiliin ang ganoong pagkaantala, ang paghihintay sa susunod na pasahero, at mangyaring kulang na lang ay sumpain nilang lahat ang tila walang Diyos na terminal na 'yon. Ngunit wala silang ganoong pagkakapareho sa kanilang mga nararamdaman. Hindi sila magiging isa sa anumang saloobin kahit ang lahat ay papunta marahil sa parehong lungsod ng Naga. Marahil ito

lamang ang kailangan, magtiyaga at maghintay, dahil ito na ang pinakakomportableng paraan ng paglalakbay at ng katiyakan na mas maagang makakarating ang van kaysa bus.

Magtatangka rin sanang bumaba ang dalawang kolehiyala nang bumaba ang dalawang lalaki sa unahan nang may isang traysikel ang pumarada't nagsipagbabaan ang tatlong lalaking magkakabarkada. Mukhang mga Atenista at sa traysikel pa lamang ay may mga pinag-uusapan na ito samantalang paypay nang paypay naman ang babaeng may dalang Whiteflower. Sa paulit-ulit nitong pagbubukas at paglalagay sa sintido, nag-amoy Whiteflower na rin ang buong van kung kaya lalong naging mahapdi ang init, at kay Aldrin lubhang nanunurot ang amoy ng Whiteflower at kung paano ito humahalo sa pawis at balat ng mga nagsisiksikang babae. Parang nakaamoy naman ng utot ang mga Atenista pagpasok sa van. Nag-uunahan pa ang mga ito sa kung sino ang uupo sa may bintana at papagitna. Palihim pa ring kinukurot ng babae ang batang kasama na ngayon nama'y nagpapabili ng kending Menthol. Bumaba ang babae at bumili sa manay na nakastand-by doon. Maxx, Pula. Tumatanggi sana ang bata dahil itinuturo nito ang Menthol pero kinurot uli siya. Halatang gusto na nitong umiyak at isumbong ang babaeng kasama niya pero kanino siya hihingi ng tulong? Sa drayber, sa mga kolehiyala, sa mga bagong dating na Atenista, sa babaeng may Whiteflower o kaya kay Aldrin na sa pagitan ng pagbabasa at di alintanang pakikinig sa lahat ng tinig sa paligid ay naghihintay pa rin kay Barry na tiyak na di niya naman magagawang awayin o kakainisan dahil wala siyang ganoon maramdaman maliban sa mga pansamantalang pagkabagot at ang maghintay palagi dahil sanayan lang talaga ang pagiging late sa lahat ng bagay kung si Barry ang kausap.

Kahit sa seminaryo, laging late si Barry sa paggising, kaya madalas masarhan ito sa dormitoryo. Madalas na makatulog sa kapilya. Ilang beses na rin nga siyang napasubo at nasanction dahil parehong silang nalate halimbawa noong pinaghintay siya ng sano minsang naadik sa Counterstrike bago ang misa sa barangay. Nandoon na ang kura sa kapilya nang dumating sila dala-dala ang gamit sa misa. Binalikan niya ang mga berso: "Walang ginagawa ang mga bituin/Kundi pagmasdan ang mga mangingibig."

Sa pagpasok ng mga bagong dating na Atenista, tatlo na lamang ang hinihintay, isa sa katabi ng babaeng may bata, isa na uupo sa jumpseat katabi ang mga Atenista, at si Barry na pinamasahehan na muna ni Aldrin para lang may dahilang hintayin ang kanyang sano. Pinagsabihan ng dispatcher si Aldrin na kailangang itext na raw ang kasama dahil hindi raw maghihintay ang van sakaling may dumating ng ibang pasahero. Walang cellphone si Aldrin dahil bawal sa seminaryo. Ground for dismissal ang paggamit ng cellphone dahil nasa formation pa rin ang mga seminarista samantalang halos nagtatae naman ng bagong units ang ilang pari. Ang dahilan lamang na sinasabi dito, "E, pari?"

Parang mabilis naman na naupos ang sigarilyo ng dalawang nasa unahan. Gusto sana ni Aldrin na tumagal pa ang kanilang sigarilyo para may dahilan pang maghintay ang lahat, magtimpi sa init ngunit parang pati ang sindi ng sigarilyo ay mabilis na naupos dahil sa kakaibang sikat ng araw. Nanlilisik, namimiga ng pawis. Kaya nagdesisyong pumasok na rin ang dalawang pasahero at bumalik sa kanilang posisyon sa unahan na di hamak na mas ayos na rin dahil sa malapit sila sa aircon. Muling binuhusan ng dispatcher ang unahan at gulong van ng dalawang baldeng tubig. Nasindak ang mga kolehiyala at

napamura at nagtawanan ang mga Atenistang may sarili ring mga usapan— Kung saan sila iinom sa Sabado, kung sino ang terror nilang titser na bakla na tsumutsupa raw ng dyanitors, at kung paano lumaganap ang sex scandal sa isang eskwelahan sa Iriga at sumikat pa ang naturang video dahil may eksena pang kinunan na naliligo ang babae at pinukos pa ang lens sa ginamit na sabon, Perla. Samantalang nag-aalburuto pa rin ang babaeng may Whiteflower sa tagal ng pag-andar na sa tagal ay maaaring talunin pa raw ang pagdating ng kanyang loan sa GSIS. Sa lahat ng ito, hindi naman sila pinapansin ng driver na panay rin ang text. Marahil sa tindi na rin ng init kung kaya napatulog na rin ang batang may pulang Maxx na naalimpungatan nang ginising ito ng kasama niyang babae dahil may isang nakaunipormeng pulis ang bumaba mula sa isang kulay latang Tamaraw FX, naka-shade, sunog at amoy araw ang bagong pasahero na agad naupo katabi ang babaeng may dalang bata. Umusog pareho ang dalawang babae at nagtangka parehong aninagin ang bagong pasaherong dating. Samantalang ang mga Atenista nama'y patuloy lamang sa huntahan at ang mga kolehiyala nama'y di hamak muling nagpapansin. Marahil dahil gustong magpalibre, sa loob-loob ni Aldrin.

Nang dumating na ang pasaherong pulis, nagsimulang mangolekta na ng pamasahe ang dispatcher, at isa-isa silang hiningian: P55.50. Umaaangal naman ang babaeng may bata dahil ayaw nitong magbayad ng para sa dalawa, dahil dahilan niya, kakalungin niya lang naman daw ang kasamang bata. Hindi sana pumapayag ang dispatcher na sinasabing apatan din ang upuang iyon ngunit napilitan na lamang itong kunin ang pamasahe ng babae na nagtangkang bababa at sasakay na lamang ng bus. Samantalang tahimik lamang ang pulis na parang napakalayo rin ng iniisip. Parang abot

doon sa sunog na tuktok ng Bundok Asog.

Nagbayad naman ang isang Atenista na mukhang nagpapasikat dahil inilibre nito ang dalawang kasama na tiyak na ikinadismaya ng dalawang kolehiyala dahil ni hindi man lamang talaga sila pinapansin maging ng pasaherong pulis. Kung paano nakilala ni Aldrin na mga kolehiyala nga ang mga ito ay dahil pamilyar na ang mukha ng mga ito dahil mga regular visitors ito ng mga Masbatenyong seminarista tuwing Huwebes. Omnipresent ang tawag sa mga ito sa seminaryo. Dahil mga anak ng pulitiko at hacienderos ang mga seminarista mula Masbate, madalas silang nilalapitan ng mga marami sa mga kolehiyalas.

Ipinakita naman ng babaeng may Whiteflower ang kanyang senior citizen i.d. at naisama pati ang kanyang mga discount cards. Kaya nagbibiro namang ibinalik sa kanya ng dispatcher na wala raw special discount ang mga members ng Red Attic Ballroom Dancing Studio. Halos mapatawa pati ang mga Atenista ngunit nagtalak na ang babaeng may Whiteflower at nangamoy rafflesia ang paligid dahil sa murang pinakawalan nito sa dispatcher na inabot pati ng galit at pagmumura ang mga kompanya ng langis at petrolyo hanggang ang alkaldeng mahilig sa mga laos na basktetball players at ang pagkakasunog ng bundok noong isang Linggo na dahilan din umano ng pagbabago ng klima. Sumang-ayon naman ang babaeng may kasamang bata sa pagiging bastos ng kasalukuyang henerasyon, na walang pakundangan kung magsasagot sa mga gurang. Samantalang nagkahiyaan naman ang dalawang nasa unahan kung sino sa kanila ang magbabayad gayong pareho nilang inasam kanina pa na sana'y ilibre na lamang ng isa ang isa o ng isa

ang isa sa pamasahe, sa parehong paraan kanina na nagkahiyaan din sila kung sino ang manlilibre ng yosi.

Sa tindi ng init at tagal ng paghihintay, natagalpo na ang tingin ni Aldrin sa pahinang iyon ng aklat ni Calasanz: “Walang magawa ang mga bituin…” Hindi na siya makausad sa sunod na tula dahil hanggang noon hindi niya alam kung nasaan na kaya si Barry. Usapan nila’y alas dose, hindi sila pwedeng umalis ng pasado ala-una dahil tiyak na gagahulin sila ng oras. May kailangan pa siyang kunin sa parokya ng Francia dahil inutusan siya ng kanilang rector na kunin ang isang envelope sa sekretarya. Malamang mga mimisahang kaluluwa.

Lalong naging malubha ang liwanag ng araw ng sandaling iyon, parang nililiwanagan nito ang kawalan ni Barry, ang hindi pa nito pagdating. At bilang pampalubag-isip ni Aldrin, o ang nagmamakata sa kanya, sinabi na niya lamang sa kanyang sarili na parang kabilugan din ito ng buwan, at malamang kung buwan ito, hahayaan niyang lingapin siya ng liwanag nito, pababagalin ang panahon, habang nagtatampisaw sa ilog, o kaya binabaybay ang dalampasigan habang umaawit ang mga lungso. Ngunit katotohanan ang hatid ng araw na nasa langit, mainit, nakakatupok ang paghahalo ng pananahimik at pagkabalisa, ang paghihintay: “Isang gabi, kung masawi ka sa pag-ibig/Tumingala kang muli sa mga bituin;/Pati liwanag, nagiging dilim/At tamis ng puso’y/dahan-dahang umaasim.”

Mag-aalauna y medya na nang muling may dumating na traysikel na lulan ang

dalawang tao. Namukhaan kaagad ni Aldrin si Barry. May dala itong bag na knapsack at isang malaking bayong na kulay dalandan. Kilala ni Aldrin ang bag na iyon dahil iyon palagi ang pinapadala ng Nanay Sena ni Barry, at nandoon ang rasyon ni Barry sa dalawang araw, isang garapon ng adobong baboy, Tsinong pagkakaluto, dalawang supot ng dulsing pili, tig-isa sila, at gulay na laing, taga-Irigang pagkakaluto, at ito ang tiyak nilang pagpipiyestahan sa unang dalawang gabi sa seminaryo. Ugali na nilang magbitbit ng pagkain pagkatapos ng Home Visit dahil na rin sa klase ng pagkain ng mga seminarista. Ang pamilyar na lasa at nakakaumay o di man nakakasuka na mga menu ng mga madreng laging nag-eeksperiment on a tight budget: spaghetting saging, dinuguang macaroni, paksiw na bangus na lasang putik at kung anu-anupang puta-he!

Pagbaba sa trayk, may kasamang babae si Barry na agad namang namukhaan ng dalawang kolehiyalang katabi ni Aldrin, na di naiwasang magbulungan na parang mga manang na rin sa parokya na lahat ay parang may attention deficit pagdating sa kiling ng kura. Si Faye daw ito. Kaklase nila sa Calculus at Algebra. Taga-Buhi, karatig-bayan ng Iriga.  Noon pa lamang nakita ni Aldrin si Faye. Nitong nakaraang Summer Apostolate na-assign si Barry sa parokya ng Buhi samantalang bumagsak naman si Aldrin sa palasyo ng arsobispo na inaayawan nang maraming seminarista. Bukod sa maraming gawain, nakakastress din ang isnag buwang kasama ang arsobispo.

Binuksan ng dispatcher ang van at sumilip ang dalawa na parang sina San Jose at Birheng Maria na manunuluyan. Sa loob-loob ni Aldrin, tiyak na magkakahiwalay sila ng upuan ng sano. O maaaring tumabi si Faye sa kanya at sa mga kapwa kolehiyala o si

Barry sa tabi niya, katulad ng dati, at si Faye naman ang parang gantimpalang ipagkakaloob ni Barry sa tatlong Atenistang nasa unahang hanay na kapansin-pansin ding tumingin sa dalawang bagong dating lalong lalo na kay Faye na bagaman ganoon katindi ang init ay parang hamog sa talulot ang bango.

Nagkatinginan sina Aldrin at Barry at tila muli silang mga batang nag-aapuhap ng sagot sa kung kelan naganap ang kapiyestahan ng Annunciation. Sa huli, si Aldrin na nasa likuran katabi ang dalawang kolehiyala, ang unang napatayo na parang anghel, tahimik na bumaba at tiningnan si Barry, muli, nang walang anumang nararamdamang pagkabagot, malisya o galit. Basta, bumaba siya dahil kailangang papasukin ang dalawang bagong dating at nang makagalaw na silang lahat mula sa terminal na iyon, o dahil baka hindi niya na rin talaga kaya ang init sa loob.

Pumasok na nagpapasalamat si Barry na umupo sa dating kinalalagyan ni Aldrin. Sumunod si Faye na muling sinundan pareho ng tingin ng mga Atenista at mga kapwa-kolehiyala. Umusog nang kaunti ang Atenistang nagkukuwento kanina noong sex video upang makapasok at maupo katabi niya sa jump seat si Aldrin. Nagtawanan ang mga Atenista dahil marahil sa tiyak ng mangangawit ang kanilang kasamahan. Kinuha ng dispatcher ang bayad ng huling dalawang pasahero, iniabot ni Barry ang pamasahe para sa kanilang dalawa ni Faye. Sa kung anong dahilan hindi na nagawang sabihin ni Aldrin na bayad na ang upuang iyon, na binayaran na niya ang paghihintay niya sa kanyang sano. Hindi na rin naman ibinalik ng dispatcher ang nauna niyang bayad. Ipinagpalagay marahil na nakalimutan na ito ni Aldrin o binawi na lamang ng dispatcher sa pagsaboy ng

tubig na magpapapresko sa panahon ng mga nasa loob ng van, dahil bago tuluyang tumalak ang byaheng iyon, masipag na binuhusan pa ng tatlong baldeng tubig ang sasakyan. Malamang dahil may libre nga siyang P 55. 50. Ngunit sadyang makulit ang bawat bulanit ang araw. Madali lamang itong natuyo bago pa ganap na umarangkada ang van. Hinihigop ng sikat ng araw ang tubig na parang libreng sabaw ang buong mundo.

Nang tuluyan nang umandar ang sasakyan tila may nagdaang hangin sa paligid, kaunting ginhawa. Inayos ng bawat pasahero ang kanilang pagkakaupo, parang mga sardinas na maaayos na isinisilid: ang babaeng may dalang Whiteflower na inaayos ang kanyang mga papeles ng loan, ang walang imik na pulis, ang dalawang pasahero sa unahan, ang mga Atenista, ang babaeng may kalong na batang may Maxx sa bibig, at ang mga kolehiyala, si Faye, at si Barry na nasa likod na parehong nag-antada.

Hindi pa sila nakakalabas ng terminal nang tinapik ni Barry si Aldrin mula sa likuran: “Kumusta?”

Sa tono ni Barry, at sa loob-loob ni Aldrin, heto na naman tayo, na parang ang tagal na nilang hindi nagkita o parang muli na naman itong bumabawi sa tuwing may ganoong di nila mawaring sitwasyon, na kung bakit laging naghihintay si Aldrin, na kung bakit parang kailangang may magtuloy ng kanilang nasimulang usapan simula pa nang bigyan siya ng eskapularyo at yayaing pumasok sa parokya hanggang sa seminaryo. Parang may tono ng paghingi ng dispensa si Barry. Paghingi ba ng tawad ang pangungumusta? Marahil ganoon talaga ang usapang mag-sano. Walang masyadong dada. Tumango at tipid na ngiti naman ang sinagot ni Aldrin kay Barry. Sa jump seat, muling ipinagpatuloy ang pagbabasa sa tula: “Malupit ang mga bituin./Sa mga bigo sa

pag-ibig/Labis ang hinihiling:/Umibig, umibig, umibig pa rin/Nang may magawa ang mga bituin."

Tumingin sa labas ng bintana si Aldrin, malinaw na tumambad ang Bundok Asog, napansin niya ang sunog sa kaliwang bahagi nito. Kinagat niya ang suot na eskapularyo na parang kendi ng Maxx, dala marahil ng pagkauhaw na noon pa'y hindi niya alam kung saan nanggagaling, hanggang sa sandali siyang napaidlip at tuluyang nakatulog. Nilalabanan niya pa sana ang pag-idlip na parang isa sa mga alagad ni Jesus, na isinamang magbantay sa hardin ng Hetsemane, hanggang sa nakatulog na lamang siya marahil at mabilis na narating niya ang bahaging iyon sa mundo, sa tuktok ng Bundok Asog, sa lugar kung saan nagsimula ang sunog, doon sa parang pulang sugat na kalupaan, doon kung saan malapit na malapit na marahil ang mga bituin.

Nakasalubong ng kanilang sasakyang van ang magkasunurang trak ng mga bombero mula pa yata sa Baao. Sa direksyon ng mga trak, malamang malapit lamang sa sentro ang sunog. Ganoon man ang ingay ng mga sirenang panandaliang dumaan, wala ni isa sa mga pasahero, maging ang drayber ang napatingin o napalingon, wala man lamang marahil na kumislot ang pakiramdam at pakiwari kung alin o sinu-sino na naman kaya ang mga bagong pinaglalaruan ng apoy.